

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 2: Magkakaugnay na Kapangyarihan ng Tatlong Sangay ng Pamahalaan



**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 2: Magkakaugnay na Kapangyarihan ng Tatlong Sangay ng Pamahalaan**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jason H. Hadap
<b>Editor:</b>	Jerry P. Ramirez at Ma. Leilani R. Lorico
<b>Tagasuri:</b>	Ana N. Calisura
<b>Tagaguhit:</b>	
<b>Tagalapat:</b>	Edsel D. Doctama, Elizalde L. Piol
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad
	Francisco B. Bulalacao Jr.
	Grace U. Rabelas
	Ma. Leilani R. Lorico
	Imelda R. Caunca
	Marites B. Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500 Philippines

Telefax: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 2:**

**Magkakaugnay na**

**Kapangyarihan ng Tatlong**

**Sangay ng Pamahalaan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Basahin ang inaasahang matutunan mo sa modyul na ito. Gawin ito sa loob ng 2 minuto.

Napag-aralan sa nakaraang modyul ang kahulugan at kahalagahan ng pamahalaan sa ating bansa.

Ngayon naman, ay mapag-aaralan natin ang pangkalahatang istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas. Matutunan mo ang mga sangay ng pamahalaan, ang kahulugan at ang kapangyarihan ng bawat isa.

### **Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pang-unawa sa bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa lipunan, mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pagkakaisa, kaayusan at kaunlaran ng bansa.

### **Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakapagpapakita ng aktibong pakikilahok at pakikiisa sa mga proyekto at gawain ng pamahalaan at mga pinuno nito tungo sa kabutihan ng lahat (*common good*).

### **Pamantayan sa Pagkatuto**

Gabay ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang balangkas o istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.
2. Natatalakay ang mga kapangyarihan at tungkulin ng tatlong sangay ng pamahalaan.

Ano ang mga sangay ng pamahalaan ng ating bansa? Ano ang saklaw na kapangyarihan o gampanin ng mga ito?

Malalaman ang mga kasagutan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsagot sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.



## Subukin



Kumusta kaibigan? Alam mo ba kung sino at bakit ako narito? Ano kaya ang magiging papel ko sa pagsama sayo sa modyul na ito?

Ako ay si AP Lapis “*at your service!*” Ang magiging gabay mo sa bawat araling magpapatalas ng iyong isip.


Nawa’y masiyahan ka habang ako ang iyong kasa-kasama.

Bago mo simulang pag-aralan ang tungkol sa mga sangay ng pamahalaan, subukin mo munang sagutan ang mga tanong tungkol sa mga ito.

**TAMA o MALI.** Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang kaisipan sa bawat bilang at **MALI** naman kung hindi. Isulat ang mga sagot sa kwaderno. Gawin ito sa loob ng 3 minuto.

1. Nasasakupan ang buong bansa ng pambansang pamahalaan.
2. Mayroong dalawang sangay ang pambansang pamahalaan ng Pilipinas.
3. Ang sangay na tagapagbatas ay binubuo ng mga piling hurado.
4. Ang sangay na tagapagpaganap ay pinamumunuan ng pangulo ng bansa.
5. Magkakaugnay ang lahat ng mga sangay ng pambansang pamahalaan.
6. Ang sangay na tagapaghukom ay kinabibilangan ng mga mambabatas.

7. Ang pambansang pamahalaan ay nangunguna sa pagbabalangkas at pagpapatupad ng mga programa para sa mga mamamayan.
8. Ang sangay na tagapagbatas ay nahahati sa dalawang kapulungan.
9. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay siya ring tinatawag na pambansang pamahalaan.
10. Tinitiyak ng pambansang pamahalaan ang kapakanan ng mga mamamayan nito maging yaong mga nasa ibang bansa.

**Aralin****2****Kapangyarihan at Tungkulin  
ng Tatlong Sangay ng  
Pamahalaan*****Balikan***

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang **FACT** kung ito ay nagpapahayag tungkol sa pamahalaan at **BLUFF** naman kung hindi. Gawin ito sa loob ng 3 minuto sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Ang kapangyarihan ng isang pinuno o opisyal sa ating bansa ay maaring maipasa sa isang kamag-anak.
- \_\_\_ 2. Ang mga batas, programa at proyekto ay pinangangasiwaan ng pamahalaan.
- \_\_\_ 3. Ang pangulo ang pinakamataas na pinuno ng bansang Pilipinas.
- \_\_\_ 4. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay siya ring tinatawag na pambansang pamahalaan.
- \_\_\_ 5. Tinutugunan ng pamahalaan ang pangangailangan ng mga tao.
- \_\_\_ 6. Prime Minister ang tawag sa pinakamataas na pinuno ng pamahalaan ng Pilipinas.
- \_\_\_ 7. Hindi kaya ng pamahalaan na panatilihin ang kaayusan ng bansa at hindi kayang tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.
- \_\_\_ 8. Pinapayaman ng pamahalaan ang mga pinuno ng pamahalaan.
- \_\_\_ 9. Pinapanatili ng pamahalaan ang pambansang kaligtasan sa anumang panganib.
- \_\_\_ 10. Pinapangalagaan ng pamahalaan ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan.





## Tuklasin

**HANAP-SALITA.** Hanapin at bilugan ang tatlong salita na mayroong kaugnayan sa pamahalaan. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.

H	D	W	L	S	G	T	E	T	T
U	E	H	E	K	U	T	I	B	O
K	S	R	H	C	T	R	P	G	Y
L	F	W	I	B	O	I	L	C	P
O	C	E	S	E	N	A	D	O	O
K	S	E	L	H	P	O	O	O	L
N	A	R	A	L	L	P	S	A	I
M	H	H	T	K	J	E	T	A	O
H	U	D	I	K	A	T	U	R	A
N	K	Y	B	O	K	A	E	T	N
M	O	U	O	O	L	N	O	E	R
G	M	J	L	I	A	A	S	D	T

Nahanap mo ba? Ilang salita ang iyong nakita? Ano-ano ang salitang iyon?

Ang susunod na aralin ay tatalakay sa tatlong sangay ng pamahalaan na may kaugnayan sa mga salitang iyong nahanap.

Handa ka na ba?





## ***Suriin***



Ang pamahalaan ay mayroong tatlong magkakaugnay na mga sangay: ang Tagapagbatas, Tagapagpaganap, at Tagapaghukom. Tinatawag din ang mga sangay na ito na Lehislatibo, Ehekutibo, at Hudikatura. Basahin ang aralin loob ng 12 minuto.

### **SANGAY NA TAGAPAGBATAS O LEHISLATIBO**



**SENADO O MATAAS NA  
KAPULUNGAN**



**KAPULUNGAN NG MGA  
KINATAWAN O MABABANG  
KAPULUNGAN**

Ang Sangay na Tagapagbatas o ang Kongreso ang gumagawa ng mga batas ng bansa. Mayroong dalawang kapulungan ang Sangay na Tagapagbatas: ang mataas na kapulungan at ang mababang kapulungan. Ang Senado ay ang Mataas na Kapulungan at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay ang Mababang Kapulungan. Ang mga senador ay pumipili ng *Presidente ng Senado* bilang pinuno at ang Kapulungan ng mga Kinatawan naman ay pumipili ng kanilang lider na tinatawag na *Ispiker*.

Bukod sa paggawa ng mga batas, nakasalalay rin sa Kongreso ang pagsasagawa ng mga imbestigasyon at pananaliksik para makatulong sa kanilang mga gagawing batas. Ang pambansang badyet ay dumadaan din sa pagsusuri ng Sangay na Tagapagbatas.

Sa kapulungan ng sangay na tagapagbatas ay mayroong mga espesyal na kapangyarihan. Halimbawa, ang pagpapatibay ng mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa ay isang kapangyarihan ng Senado at ang pagsasampa naman ng kasong *impeachment* o pagkatanggal sa puwesto ng mataas na opisyal ay kapangyarihan ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

### **SANGAY NA TAGAPAGPAGANAP O EHEKUTIBO**



Ang Palasyo ng Malacañang ay ang opisyal na tirahan at tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas.

Matatagpuan ito sa hilagang pampang ng Ilog Pasig.

Ang Sangay na Tagapagpaganap ang tumitiyak na ang mga batas na ginawa ng Kongreso ay naipatatupad upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan. Pinamumunuan ng Pangulo ang sangay na ito. Kaagapay niya sa pagpapatupad ng mga batas ang Gabinete na binubuo ng mga Kalihim ng iba't ibang ahensiya.

Batay sa Konstitusyon, ang Pangulo, alinsunod sa pagsang-ayon ng Komisyon sa Paghirang, ang may kapangyarihang humirang ng mga puno ng mga kagawaran, embahador, konsul, may ranggong kolonel sa Sandatahang Lakas, at iba pang mga opisyal ayon sa isinasaad sa Konstitusyon.

Bilang punong komander ng sandatahang lakas ng bansa, maaaring iatas ng Pangulo ang pagsupil sa anumang karahasan, pananalakay, o paghihimagsik; at isailalim ang bansa sa batas militar.

Taglay rin ng Pangulo ang *veto power* o ang kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso. Siya rin ang pumipili ng punong mahistrado ng Korte Suprema, gayundin sa Mabababang Hukuman, mula sa talaan ng Judicial Bar Council.

### SANGAY NA TAGAPAGHUKOM O HUDIKATURA


#### **KORTE SUPREMA ng PILIPINAS**

Matatagpuan sa  
panulukan ng Kalye  
Padre Faura at Abenida  
Taft sa Maynila.



Ang Sangay na Tagapaghukom ang sangay na nagbibigay ng interpretasyon ng batas. Ang kapangyarihang panghukuman ay nasa ilalim ng Kataas-taasang Hukuman o Korte Suprema at mabababang hukuman. Sa Korte Suprema dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon ng mabababang hukuman, maging ang dalawang sangay ng pamahalaan kung may tanong tungkol sa legalidad ng batas.

Ang Kataas-taasang Hukuman ay binubuo ng isang Punong Mahistrado at labing-apat na katulong na mahistrado. Sila ay hinihirang ng Pangulo batay sa rekomendasyon ng Judicial Bar Council. Ang Kataas-taasang Hukuman ay pinamumunuan ng isang Punong Mahistrado.



## ***Pagyamanin***

Gawain 1. **Punan mo Ako!** Buuin mo ang mga salita ayon sa paglalarawan ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno. Gawin sa loob ng 2 minuto.

<b>P</b>		<b>N</b>	<b>G</b>		<b>L</b>	
----------	--	----------	----------	--	----------	--

1. Siya ang punong pinuno ng sangay na tagapagpaganap at pambansang pamahalaan.

	<b>O</b>		<b>G</b>		<b>E</b>	<b>S</b>	
--	----------	--	----------	--	----------	----------	--

2. Ito ay binubuo ng mababa at Mataas na Kapulungan.

<b>S</b>		<b>N</b>	<b>A</b>		<b>O</b>
----------	--	----------	----------	--	----------

3. Ito naman ay tinatawag ding Mataas na Kapulungan.


<b>K</b>		<b>R</b>		<b>E</b>		<b>U</b>	<b>P</b>		<b>E</b>	<b>M</b>	<b>A</b>
----------	--	----------	--	----------	--	----------	----------	--	----------	----------	----------

4. Dito dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon ng mabababang hukuman.

<b>K</b>	<b>I</b>		<b>A</b>	<b>T</b>		<b>W</b>		<b>N</b>
----------	----------	--	----------	----------	--	----------	--	----------


5. Sila ang bumubuo sa mababang kapulungan.

Gawain 2. **TALI-MAZING.** Gawan mo ng tali ang lobo at idugtong sa tamang paglalarawan ayon sa nakasulat na salita sa loob nito. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.






## **Isaisip**



Nagustuhan mo ba ang iyong mga ginawa sa bahaging Pagyamanin?

Palawakin ang iyong natutunan sa susunod na gawain. Itala sa bawat kahon ang kapangyarihang taglay ng bawat sangay ng pamahalaan. Kasunod nito, isulat kung sino ang kasalukuyang pinuno ng bawat sangay ng pamahalaan.

Magsimula ka na! Gawin ito sa kwaderno at maglaan ng 5 minuto para sa Gawain.





## **Isagawa**



Basahin ang mga sitwasyon sa bawat kahon. Isulat sa kwaderno ang iyong paliwanag.

Si Pangulong X ay inaakusahan ng ilang opisyal ng bansa sa salang pagnanakaw ng pera ng bayan. Batay sa imbestigasyon at ebidensyang nakalap ay ginamit ito bilang basehan ng pagsampa ng kaso. Sa pagdinig ng kaso ang Kapulungan ng mga Kinatawan ang nangasiwa nito.

Tanong: Tama ba ang sangay ng pamahalaan na nangasiwa sa kaso? Ano ang posibleng kasong kinakaharap ng opisyal?

Si Juan ay inakusahan ng isang krimen. Dinampot sya ng mga pulis at kaagad na ikinulong kahit walang *warrant of arrest*.

Tanong: Bilang isang mamayang Pilipino, ano ang maaring gawin ni Juan sa kanyang sitwasyon? Saan sya maaring magreklamo? Tama ba ang ginawa ng mga otoridad sa sitwasyong ito? Bakit?





## **Tayahin**

Tukuyin ang isinasaad ng mga sumusunod na pangungusap. Sagutin ito sa loob ng 3 minuto sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Siya ang nagsisilbing lider ng Mataas na Kapulungan o Senado.
- \_\_\_ 2. Pamahalaan ng Pilipinas na pinamumunuan ng Pangulo ng bansa.
- \_\_\_ 3. Sangay ng pamahalaan na gumagawa ng batas.
- \_\_\_ 4. Sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng batas.
- \_\_\_ 5. Sangay ng pamahalaan na nagbibigay ng interpretasyon ng batas.
- \_\_\_ 6. Mataas na kapulungan ng sangay na tagapagbatas.
- \_\_\_ 7. Mababang kapulungan ng sangay na tagapagbatas.
- \_\_\_ 8. Kapangyarihan ng pangulo na tanggihan ang panukalang batas na ipinasa sa Kongreso.
- \_\_\_ 9. Dito dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang- ayon sa anumang desisyon ng mababang hukuman
- \_\_\_ 10. Ito ang kaagapay ng Pangulo sa pagpapatupad ng mga batas.



## **Karagdagang Gawain**



Kumusta ang iyong nakuhang iskor sa Pagtataya? Nasiyahan ka ba sa iyong mga ginawa sa araling ito?

Narito ang inihandang gawain para mapaunlad pa ang iyong kaalaman tungkol sa iyong aralin.

**Gawain 1.** Analohiya: Panuto: Isulat sa patlang ang hinihinging katambal na salita sa bawat bilang. Gawing batayan ang nauna o sumunod na magkatambal na salita. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Mataas na Kapulungan – Senado; Mababang Kapulungan- \_\_\_\_\_
2. Tagapagbatas- Lehislatibo; \_\_\_\_\_ - Hudikatura
3. \_\_\_\_\_ - Gabinete; Punong Mahistrado-Korte Suprema
4. Senador – 24; Mahistrado - \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_ - Kinatawan; Pangulo ng Senado-Senado

**Gawain 2.** Basahin at isulat ang **TB** kung ang pahayag ay nagsasabi ng saklaw ng kapangyarihan ng sangay ng tagapagbatas, **TG** kung tagapagpaganap, at **TH** naman kung tagapaghukom.

- \_\_\_ 1. Pagpapatibay ng kasunduan sa mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa.
- \_\_\_ 2. Dinudulog ang mga kaso at legalidad ng batas.
- \_\_\_ 3. Pinamumuan ito ng pangulo at kaagapay ang kanyang gabinete sa pagpapatupad ng mga batas at programa sa bansa.
- \_\_\_ 4. Sinusuri ang pambansang badyet.
- \_\_\_ 5. Nangunguna sa pagbibigay ng interpretasyon ng batas.



# Susi sa Pawawasto

H	D	W	L	S	G	T	E	T		
U	E	H	E	K	U	T	I	B	O	
K	S	R	H	C	T	R	P	G	Y	
L	F	W	I	B	O	I	L	C	P	
O	C	E	S	E	N	A	D	O	O	
K	S	E	L	H	P	O	O	O	L	
N	A	R	A	L	L	P	S	A	I	
M	H	H	T	K	J	E	T	A	O	
H	U	D	I	K	A	T	U	R	A	
N	K	Y	B	O	K	A	E	T	N	
M	O	U	O	O	L	N	O	E	R	
G	M	J	L	I	A	V	A	S	D	T

## TUKLASIN

1. 😊
2. 😊
3. 😊
4. 😊
5. 😊
6. 😊
7. 😊
8. 😊
9. 😊
10. 😊


## BALIKAN

1. TAMA
2. DALAWA - TATLO
3. TAGAPAGBATAS - TAGAPAGHUKOM
4. TAMA
5. TAMA
6. TAGAPAGHUKOM - TAGAPAGBATAS
7. TAMA
8. TAMA
9. TAMA
10. TAMA

## SUBUKIN

## ISAGAWA

## ISAISIP



## GAWAIN 2

1. PANGULO
2. KONGRESO
3. SENADO
4. KORTE SUPREMA
5. KINATAWAN

## GAWAIN 1

## PAGYAMANIN

## KARAGDAGANG GAWAIN

1. PANGULO NG SENADO
2. PAMBANSANG PAMAHAALAN
3. TAGAPAGBATAS O LEHISLATIBO
4. TAGAPAGPAGANAP O EHEKUTIBO
5. TAGAPAGHUKON O HUDIKATURA
6. SENADO
7. KAPULUNGAN NG MGA KINATAWAN
8. VETO POWER
9. KORTE SUPREMA
10. GABINETE

## TAYAHIN

1. TB
2. TH
3. TG
4. TB
5. TH

## GAWAIN 2

1. KAPULUNGAN NG KINATAWAN
2. TAGAPAGHUKOM
3. KALHIM
4. IS
5. ISPEKER

## ***Sanggunian***

Adriano, M. V., Caampued, M. A., & Capunitan, C. A. (n.d.).  
*Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang* (2015 ed.).  
Department of Education-Instructional Materials Council  
Secretariat (DepEd-IMCS).

1987 Philippine Constitution

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)